COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-14 ng Setyembre, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

MARTES ANG HULING ARAW PARA BUMOTO

Martes, Ika-14 ng Setyembre ang deadline para botohan ang inyong balota sa Gubernatoryal na Recall na Eleksyon sa California. Maaari na ninyo itong gawin ngayon sa isa sa 221 na mga lokasyon ng pagboto sa buong county o sa opisina ng Tagapagrehistro hanggang ika-8 ng gabi.

Kung nasa inyo pa ang inyong balotang pangkoreo, ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagpapaalala sa inyo na ibalik ito agad sa isa sa 131 na mga lokasyon ng mail ballot drop-off o kahit alinmang lokasyon ng pagboto. Ang mga lokasyon ng balotang pangkoreo ay magbubukas din hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon.

Ang sinumang botante na nasa linya sa lokasyon ng pagboto ng ika-8 ng gabi ay pahihintulutang makaboto. Subalit, walang sinuman ang maaaring pang sumali sa linya para bumoto matapos ang ika-8 ng gabi na deadline.

Ang lahat ng mga in-person na botante ay gagamit ng mga ballot marking device. Ang botante ay gagamit ng touch screen upang gumawa ng kanyang mga seleksyon. Kapag natapos, ang botante ay magpi-print ng isang opisyal na balotang papel kasama ang kanyang mga seleksyon. Ang botante ay maaaring i-review ang kanyang balota at ilagay ito sa loob ng balotang kahon para maibilang sa opisina ng Tagapagrehistro sa gabi ng eleksyon. Ang device na ito ay hindi nagtatabi, nagta-tabulate, o nagbibilang ng kahit na anong mga boto.

Ang mga ballot marking device ay ganap na sumusunod sa Americans with Disabilities Act, at karagdagan sa English, ang mga botante ay may kakayanan na mamili ng naisaling balota sa isa sa apat na mga wikang sakop ng pederal sa County: Spanish, Filipino, Chinese at Vietnamese.

Ang Tagapagrehistro ng mga botante ay sumusunod sa mga protocol para masiguro na ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa sa eleksyon, botante at observer sa opisina ng Tagapagrehistro, mga lokasyon ng pagboto at mga lokasyon ng mail ballot drop-off.

Sa lahat ng mga eleksyon, ang opisina ng Tagapagrehistro ay nakikipagtulungan sa mga lokal na ahensya ng tagapagpatupad ng batas para masiguro na ang mga lokasyon ng pagboto

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-14 ng Setyembre, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

at mga lokasyon ng ballot drop-off ay ligtas at mga botante ay makakaboto ng malaya kanilang balota mula sa paghadlang, pagkagambala, o pananakot mula sa iba.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa recall na eleksyon, bisitahin ang sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER